


Tinig
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

JUNE 1-30, 2014 * 103 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY * VOLUME 2, ISSUE 5



## Congratulations TINIG Newsletter Best Newsletter /2nd Pasig Catholic Mass Media Awards

**"Pen is mightier than sword."** Nagsimula sa isang simpleng pangarap ang TINIG Newsletter na makapaghikayat ng mananampalataya at maipaabot ang mensahe ng Diyos sa mga taga-parokya ng San Guillermo sa pamamagitan ng pagsusulat. Isang malaking biyaya na ginawaran ito ng karangalan ng Diyosesis ng Pasig kamakailan nang ipinagdiriwang ang Second Pasig Mass Media Awards. Nagpapatunay lamang na buhay na buhay ang pagsusubaybay ng Espiritu Santo sa ating parokya at patuloy na gumagabay sa atin; hindi ito kayang hadlangan ninuman. Kaya naman, nakita ito ng mga hurado sa larangan ng Mass Media at binigyan ng parangal na minsan hindi napansin ng karamihan. Kaya ang hamon sa ating lahat ay patunayan natin sa gawa at hindi lamang sa salita gaya ng karangalang natamo ng TINIG Newsletter. Ang tunay na Kristiyano ay may nagawa na makabuluhan at kabutihan para sa simbahan at bayan. Ikaw mayroon na ba? Nakailan ka na? Kung wala, kailan ka pa magsisimula? Kung meron na, kailan naman ang susunod? Ang ating Inang simbahan ay uhaw na uhaw na sa kabutihang gawa. Nawa ikaw at tayong lahat ay makatulong upang maibsan natin ang Kanyang pagka-uhaw sa ating mga mabubuting gawa. ***PEN IS MIGHTIER THAN SWORD; BUT I THINK GOOD DEEDS ARE MIGHTIER THAN A PEN.***

*by: Fr. Bebot Catuiran*

# THE MIRACLE OF A DAD

***"I am my Father's child. He takes my hand to lead and guide me through…"***

"Tay, Dad, Daddy, Papa, Papang, Tatang, Ama, Fatherdear, Pudra": ilan lamang ito sa mga tawag natin sa taong tumayong haligi ng mga pamilya natin. Ikaw, ano tawag mo sa tatay mo? Kahit anong tawag natin sa kanila, ama pa rin natin sila. Three years ago, I lost my Dad, mabilis ang mga pangyayari. Nobody really thought that it was his end. Wala naman siyang sakit, wala ring bisyo. Talagang biglaan and we were not prepared. It was hard for us, lalo na sa akin kasi bunso ako. Sabi ko nga, "sino na maghahatid sa akin 'pag kinasal ako?" Questions really popped into our minds. I even questioned our Father above, sabi ko "Bakit, Lord?" But then we have to accept. It was really a long process of acceptance. Ikaw ba naman ang mawalan ng ama na talagang ginawa ang lahat para sa pamilya, hindi ba? That year wasn't that good to us. I wasn't even ready to go back to work, because I really can't teach with a heavy heart. A lot of negative things happened to me. I stopped service in the church. Kasi I said to myself, "hindi ko pa kaya." But then I realized something, that is, we need to move on. I need to be strong. Time passed, days passed, and also years. I was able to stand up again. Unti-unti. It wasn't only I who stood up, but my whole family. We moved forward with God, our Father. He never leaves us. And always believe in the fact na, He would never give us a challenge that we cannot surpass. You know what, I know I became a better person ever since. I had a lot of downs, but I want to prove myself that I could go up. Naaalala ko no'n na pag may problema ako, I would just cry on my pillow. And then I always talk to my 2 dads in heaven, na yakapin nila ako just to feel better. And it works. It really does! Dads are always there for us.

Sometimes, when we lose somebody, talagang hindi maiiwasang maramdaman yung jealousy sa ibang meron pa non, right? There was this movie which trended in the social networking sites entitled "Miracle in Cell No. 7." Sabi nila, it was a tearjerker movie. I didn't believe it till I saw it myself. I was watching it and in the first few scenes, AY!, ang luha anjan na nang dahil kay Sailor Moon.

...DAD/pg.4

# CATHECHISM: Wisdom in the Bible


## HOW DID THE BIBLE DEFINE WISDOM?

### I. Wisdom as the first of the creation of God.

[22] **The LORD created me at the beginning of His work** the **first of his acts** of long ago. [23] Ages ago I was set up, at the first, **before the beginning of the earth**…. [27] **When He established the heavens, I was there**, when He drew a circle on the face of the deep, [28] when He made firm the skies above, when He established the fountains of the deep… [30] then I was beside Him, like a master worker; and I was daily His delight rejoicing before Him always **(Proverbs 8:22-23, 27-28, 30)**

### II. Wisdom as a calling to all

[1] **Does not wisdom call**, and does not understanding raise her voice? [2] On the heights, beside the way, at the crossroads she takes her stand; [3] beside the gates in front of the town, at the entrance of the portals **she cries out: [4] "To you, O people, I call, and my cry is to all that live [5] O simple ones, learn prudence; acquire intelligence, you who lack it**. [6] Hear, for I will speak noble things, and from my lips will come what is right; [7] for my mouth will utter



truth; wickedness is an abomination to my lips. [8] All the words of my mouth are righteous; there is nothing twisted or crooked in them**. (Proverbs 8:1-8)**

### III. Wisdom as a guide

[11] **Wisdom teaches her children and gives help to those who seek her**. [12] Whoever loves her loves life, and those who seek her from early morning are filled with joy. [13] Whoever holds her fast inherits glory, and the Lord blesses the place she enters. **(Sirach 4: 11-13)**

***Note: This article came from the Most Rev. Broderick Pabillo's (Auxiliary Bishop of Manila) PowerPoint presentation on "Wisdom in the Bible". Scripture passages are taken from the New Revised Standard Version Bible: Catholic Edition. Emphases are mine]*

*——Bro. Barry Villanueva*

OUR PARISH

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**

**-San Guillermo Parish**

**DAILY MASS (Tagalog):**
Mondays—6:00AM / Tuesdays—6:00PM
Wednesdays—6:00AM & 6:00PM
Thursdays—6:00PM
Fridays—6:00AM & 6:00PM
Saturdays—6:00AM & 6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

**SUNDAY**
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass);
9:00AM; 4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-Chapels-**
**1) San Joaquin Chapel**
Sundays – 7:30 AM and 6:00 PM
**2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
(English) Saturdays – 8:00 PM
(English) Sundays – 10:15 AM
**3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays – 4:30 PM
First Friday—7:30PM
**4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month – 10:30 AM
**5) Grand Monaco Homes—**
every 4th Saturday, 7:30 PM

**SERVICES**
**Confession**
Wednesday & Friday—5:30PM
**Baptism**—Sunday—11:30AM
**Wedding**
Kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call**—anytime
**Blessing**—by appointment
**Funeral Mass**—by appointment
**Devotions & Novenas**
Monday—Holy Trinity—5:00PM
Tuesday—San Lorenzo Ruiz—5:00PM
Wednesday—Our Lady of Perpetual Help—5:00PM
Thursday—Ina Poon Bato & San Guillermo de Maleval—5:00PM
Friday—Sacred Heart of Jesus– 5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month—5:00PM
Saturday—Memorial of the Blessed Virgin Mary—6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00 AM to 5:00 PM

103 E. Mendoza St. Buting, Pasig City, Philippines
Tel No.: (02) 642-8051 / Fax (02) 642-8051
Email: sanguillermodioceseofpasig@yahoo.com
Sgp Buting Dioceseofpasig

Tinig — OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**EDITORIAL STAFF:**
Mina M. Anore, Rowell Anne Santos, Joezel Polintan, Barry Villanueva, Junie Gulle, Kyrie Lababo, Mary Ann Ochoa
**CIRCULATION STAFF:**
Renz Perfenia, Kyrie Lababo, Marck Sumulong, Archie Lao, AJ Esmile Sanchez
**ADVISER:**
Fr. Joeffery Brian Catuiran
**PRINTER:**
R.O. SANTOS

Send your comments, suggestions and feedback / story, photograph and artwork contributions to TINIG @ sgp_media@yahoo.com or to joepol18@yahoo.com.

# SAN JOAQUIN CHAPEL COUNCIL




Coordinator: Marlo Flores
Vice Coor: Bien Piamonte
Sec: Lulu dela Cruz
Treas: Reby Hilario
Auditor: Nel Dolot
Adviser: Bro. Angel Jimenez

MINISTRIES
Worship: Bien Piamonte
Education: Elda dela Rosa
Service: Jun Garing
Temporalities: Ting Hilario
Youth: Lyn Liyan Albeza
LOM/SJ Chapel Choir: Nicky Ladran
SSDM: Bonifacio Cayton

Taong 1920, nagisnan na nila noon pa ang isang kapilya na yari lamang sa sawali, kawayan, buho at pawid at bubungan na yero. Isang palapag na humigit kumulang sa 100 metro kuwadrado at nakatayo sa lupa ng mga Cruz. Makikita ding naroroon ang mga imahen nina San Bernardo, San Joaquin at Birheng Maria.

Nang dumating ang mga Hapon, nasira ito at ang lote ay tinayuan na lamang ng bahay.

Matagal din na walang kapilya, at nang taong 1964, sa pamumuno ni Brgy. Capt. Florentino Hilario at mga kasamang Miguel Cayton, Francisco Cruz, Agapito Bernardo at iba pa, sila ay humingi ng tulong kay G. Francisco Ladera para sa isang bagong kapilya. Sa pagtutulungan ng mga mamamayan, isang kapilya na may munting patio sa harap at kampanario ang naitayo sa loob ng anim na taon.

...SJCC/pg.4

# "LIKE" KO LAYKO LIKE KO SANTO

## SAN JOAQUIN AT SANTA ANA

Inihanda ni Bro. Moses Importa

Sila San Joaquin at Santa Ana ang mga magulang ni Maria, ang Ina ng ating Tagapagligtas na si Hesukristo. Sila ay may prebilehiyo na maging ang lolo at lola ni Hesus. Kaya, bilang Iglesia, sa ating pag-alala sa kanila, atin din inaalala si Maria.

Ang kanilang buhay ay hindi nabanggit sa Biblia, ngunit ayon sa "Protoevangelium of James" sina San Joaquin at Santa Ana ay galing sa lipi ni David. Si San Joaquin ay isang mayaman at mabuting tao na naninirahan sa Galilea. Tumutulong siya sa mahihirap, at malimit na mag-alay sa templo, ngunit dahil si Santa Ana ay baog tinatanggihan ng mga Punong Pari ang kanyang alay dahil ang pagiging baog ay may hindi magandang senyales mula sa Diyos. Dahil dito nagtungo si San Joaquin sa disyerto at nanalangin sa loob ng apatnapung araw.

Isang araw nagpakita ang anghel sa kanilang mag-asawa at sinabing sila ay magkaka-anak. Bilang pasasalamat at kagalakan sa Panginoon, sinabi ni Santa Ana na kung siya ay magka-anak alin man sa babae o lalaki, ihahandog niya ito sa templo at iaalay sa Panginoon. Mabubuhay siyang kalugod-lugod sa paningin ng Diyos. Si San Joaquin at Santa Ana ay naging magulang ng mapalad na Birheng Maria.

Ang kanilang Kapistahan ay ipinagdiriwang tuwing ika-26 ng Hulyo.

# PERSONALITY IN FOCUS:

## SIS ROWENA "WYNN" ESMILE-GOLOSO
## LECTOR & COMMENTATOR



"One text away lang ako, mga Sis, kapag hindi kayo makakapag-serve sa misa tuwing 6AM, " yan ang laging bilin ni Sis Wynn sa kanyang mga kasamahan sa Lectors and Commentators Ministry, dahil lagi syang present sa weekday morning masses sa ating parokya at handang pumalit sa sinumang hindi makakaganap ng kanilang tungkulin bilang lector o commentator.

Taong 1970, sa edad na walo, ng hikayatin ni Sis Nene Santiago (now Aleligay) si Sis Wynn na mag attend ng summer catechism classes ng Legion of Mary. Dito sya namulat at nangarap na makapag-share ng kanyang kaalaman sa iba pang mga bata sa ating parokya. Natupad ito ng naging kasapi sya ng Legion of Mary sa edad na 11 at ipinagpatuloy nya ang pagtupad ng kanyang pangarap sa pamamagitan ng pagtuturo bilang katekista sa Buting Elementary School. Naging Prayer Meeting Leader sya pagkatapos nyang mag-attend ng Training for Leaders sa Immaculate Conception Parish.

Maliban sa isang kapatid na babae na ngayon ay isang madre ng Franciscan Sisters of the Immaculate Conception at ang kanilang kapatid na lalaki na naging Chiro Leader, lahat silang pitong magkakapatid na babae ay naging kasapi ng Legion of Mary. Naging President sya ng Praesidium ng Queen of Peace at Coordinator ng Youth Ministry. Simula ng itatag ang Barrio Pastoral Council sa Buting nung 1977, naging palagiang Secretary ng PPC si Sis Wyn, maliban lamang kapag ang kanyang butihing ama na si Ka Pidiong Esmile ang Chairman. Magpa hangga ngayon, patuloy pa ring nagbibigay ng kanyang Time, Talent, at Treasure si Sis Wynn sa ating simbahan para makatulong sa pag-improve ng ating services sa parokya.

Ang pang-araw-araw na Bible reading ay kanyang ginagawa sa gabi bago matulog, at pagkagising sa umaga sa ganap na ika 4, ay sinisimulan na nilang magdasal ng kanyang pamilya na syang nakapagbibigay sa kanila ng lakas para harapin ang lahat ng pagsubok sa buong maghapon. Malapit ang puso nya kay St. Therese of the Child Jesus at nakaugalian na nyang mamigay ng kopya ng novena prayer kay St. Therese kasama ng rosary bracelets sa kanyang mga kaibigan at clients sa BPI Family Bank kung saan sya ay isang Senior Manager na. Biniyayaan ng tatlong anak na babae sina Sis Wynn at ang kanyang esposong si Bro Jun Goloso. Ang kanilang dalawang anak, sina Jorwyn Rose at Joy Regine, ay kasama nilang nagtatrabaho sa BPI Family Bank, samantalang ang bunso nilang si Jean Roselle ay third year student sa UST. Lahat sila ay aktibo sa gawaing-simbahan at ang kanilang pamilya ay isa sa mga natatangi sa San Guillermo Parish kung ang pag-uusapan ay ang aspeto ng paglilingkod.

# Parish NEWS / Events

LABATANGAS! - Ang Parish Pastoral Council ng San Guillermo Parish ay masayang nag-sagawa ng Summer Outing sa Batangas. Nag-swimming, nagkantahan, may teambuilding, naglaro, nag-hiking, namangka sila Fr. Bebot kasama ang youth, SALAMAT SA MASAYANG KARANASANG ITO GUYS! - THANK YOU LORD! - - *Mina Anore*





PDYM—3rd Binhi Youth Camp na may temang: Kabataang Layko ng Diyosesis ng Pasig: Binhi ng Matapang at Banal na Bayani na ginanap noong Mayo 9-11, 2014 sa Headquarters of the Army 202nd Infantry Brigade, Caliraya Lake, Cavinti, Laguna na nilahukan ng ating mga kabataan mula sa iba't-ibang organisasyon tulad ng SGCCC (Alex), LOM (Jeho), MAS (Niño, Raph, Vince, Robbie at Renz), Chiro (Dukes), at Y.A. (Makae) kasama din ang mga volunteers na sila Patty (Youth Coor) at Onik (E&L Comm. Head). - - *SGPYM-Media & Communication*







## SANTACRUZAN 2014

Ang buong buwan ng Mayo ay itinatalaga nating mga katoliko sa ating Mahal na Birheng Maria. Ito ang buwan na naipapakita natin ang ating espesyal na debosyon sa ating Mahal na Ina.


Nitong nakaraang buwan, ang ating parokya ay nagsagawa ng araw-araw na pagdarasal ng Banal na Santo Rosaryo, pag-aalay ng bulaklak na dinaluhan at pinamunuan ng iba't-ibang organisasyong sibiko at pang-simbahan. At ang inaabangan taun-taon sa Grand Paalay/Patapos na Santacruzan.












Ang 2nd Pasig Catholic Mass Media Awards na ginanap noong ika-7 ng July 2014 sa Aula Minor, Pasig Catholic College - - *Photo Credits to Diocese of Pasig Media Group (FB)*





CORPUS CHRISTI (June 22, 2014)— Ipinagdiwang ang Dakilang Kapistahan ng Corpus Christi sa pamamagitan ng pag-lalaaan ng Banal na Oras (Holy Hour) kasama ang Banal na Sakramento at sinundan ng isang Prusiyon. -- - *kuha ni Sis. Bebet Enciso*

## San Guillermo Parish NEEDS YOUR HELP. . .

**To Rebuild Our Parish Church –**

**...To lessen vehicular and pedestrian noise during Mass**
**...To improve ventilation inside the Church**
**...To allow better access to vehicle-riding parishioners during Services through the provision of ample parking spaces**

*and for a lot more reasons to bring more people to HIS Fold.*

**We can only realize these dreams and desires with your kind and generous sharing and donations!**

999 plus YOU

We shall be glad to present this project's details at your convenience.
Please call 642-8051 (Sis Bing or Sis Jhona),
or send your message to 0928-2101701 (Bro Ronnie)

*God Bless Your Generous Hearts!*

# Parenting

By: Sis. Mary Ann Ochoa




Pasukan na naman! Panahon ng paggising ng maaga para maghanda ng almusal at pambaon ng mga bata sa eskwela, ng pag-aaayos ng mga isusuot na uniporme, ng mga pang personal na gamit na dapat ay dala-dala sa pagpasok, ang pag-uunahan sa banyo, ang pagpila sa sakayan papuntang eskwela o di kaya ay ang pag-alis ng maaga para maihatid ni Tatay ang lahat ng mga bata sa eskwela.

Napakahalagang nakapag-almusal na ang bata bago umalis ng bahay at ng hindi na bumili ng pagkain sa labas. Karamihan ng bata ay walang ganang kumain sa umaga. Bakit kaya? Siguro ay nasanay silang gumising ng tanghali nung summer kaya hindi sanay kumain ng agahan sa panahon ng pasukan. Naging problema rin namin yan nung lumalaki ang aming mga anak at nakakalungkot na hindi namin ito nabigyan ng solusyon dahil na rin marahil sa aming sabay na pag-alis ng maaga papuntang opisina. Ngayong retired na kami, nakita namin ang isang magandang paraan para mapakain ng almusal ang mga bata (apo namin) bago pumasok sa eskwela: ginigising namin sila sa tamang oras, sinisiguro naming katakam-takam at masustansya ang mga pagkain na nakahain sa mesa, at sinisimulan namin ang almusal sa pamamagitan ng sabay-sabay na pagdarasal ng pasasalamat at pakikipag-usap kay Lord bago kumain.

Ang isa pa ring mahalagang bagay na natutuhan namin ay ang paglimita sa pagse-serve ng processed food (lalo nang hotdog) sa 2 beses lamang kada linggo. Itinuro yan sa amin ng Oncologist ng aming pamilya at napatunayan na rin namin ito base sa aming personal experience at ng aming kaibigan na may anak na nagkasakit ng leukemia dahil sa processed food. Salamat sa Diyos at gumaling ang anak ng aming kaibigang iyon (after 5 years of chemotherapy).

Minsan ay nakikita nating dala pa rin ng ating anak pag-uwi ang lunchbox na konti o halos walang bawas. Kapag ganito lagi, dapat ay tanungin natin ang ating mga anak kung ano ang gusto nilang baong pagkain sa eskwela. Kapag sandwich, kung ano ang gustong palaman, at ulam, kapag sila ay nagbabaon ng kanin at ulam. May mga nabibiling temperature-controlled na food containers, na may kasama na ring compartment para sa kutsara at tinidor. Maganda itong baunan, dahil mainit pa ang pagkain pagdating ng oras ng kainan sa school, at safe pa, dahil galling sa bahay ang mga utensils.

Karamihan ngayon ng mga school cafeterias ay regulated ang mga items na ipinagbibili sa mga bata. Bawal magtinda ng softdrinks, wala rin silang junk food. Sana ganun lahat ng mga schools,para masiguro na healthy ang kinakain ng mga bata na hindi kayang ipag -prepare ng pagkain ng kanilang mga magulang. Sana rin ay bigyan ng panahon ng mga parents na dumalo sa mga school meetings at mai-check din nila kung healthy ang mga nabibili sa school cafeteria. Huwag nating kalilimutan, health is wealth, at ang pagbabantay sa kalusugan ng mga anak ang dapat number 1 priority ng mga magulang.

….DAD/from pg. 1

It was a film about fathers and their children (not only daughters, but also sons). Maraming nangyari sa movie, and literally, if you treasure your Dad, you will cry a bucket of tears. After the movie, I wanted to share it with my sisters and with my other friends who have watched it, even with my students. It's hard to lose our father, but we should remember that he was taken back to the Lord because his mission in this world is already done. Maybe mahirap intindihin and feeling natin hindi pa talaga tapos ang kanyang mission dito, pero the Lord knows. He is our Father, kaya't kailangan nating maniwala sa Kanya. And remember, hindi niya tayo iiwan. I've been telling this to others, specially to my students, that they need to love their parents and show them that they really are special, because we never know when the good Lord will need him already. Love them, share them and treasure your Dads and Moms! ;) -- *Rowell Anne Santos*

# DIKSIONARYO . . . Bible Words & Meaning

## MGA MAMAHALING BATO, MINERAL AT PABANGO





**Agata** - Mamahaling bato na may iba-ibang kulay, ngunit karaniwa'y puti at kulay-lupa.

**Aloe** - Pabangong inilalagay ng mga Judio sa damit ng bangkay.

**Alabastro**- Batong manila-nilaw at di lubhang matigas. Itoý ginagawang plorera at sisidlan ng mamahaling pabango at pomada.





**Amatista**- Mamahaling bato na karaniwa'y kulay ube o murado

**Berilo** - Mamahaling bato na karaniwa'y berde o berdeng maasul-asul.

**Kalsedonia** - Mamahaling bato na karaniwa'y kulay abo o gatas.

# HEALTH CORNER


## DENGUE

*Inihanda ni: Kyrie Eleison C. Lababo*

Mula sa pagtagaktak ng pawis natin dahil sa mainit na panahon, ngayon ay nilalamig tayo dahil sa pagpatak ng ulan. Ngunit kasabay ng malamig na panahong dulot nito, ay pagbuhos din ng ibat't ibang klase ng mga sakit. Isa sa mga ito ay isang impeksiyon na sanhi ng isang virus na dinadala ng mga lamok. Ang nasabing virus ay mas kilala sa tawag na "Dengue"

"PREVENTION IS BETTER THAN CURE", kaya naman hanggat maaga ay sugpuin natin ang dengue sa pamamagitan ng: pagsusuot ng mga damit na may mahabang manggas at pantalon. Maaari din tayong maglagay ng pamahid laban sa lamok na naglalaman ng DEET sa mga bahagi ng katawan na hindi nababalutan o natatakpan. Dapat din nating iwasan ang pag-iimbak ng tubig dahil dito maaaring mamuhay ang itlog ng mga lamok. Ang mga sintomas naman ng dengue ay ang pagkakaroon ng biglaang pagtaas ng lagnat, matinding sakit ng ulo, pananakit sa likod ng mata, sakit ng laman at kasu-kasuan, kawalan ng ganang kumain, pagduduwal at pamamantal sa balat. Ang mga bata ay maaaring kakitaan lamang ng sinat at pamamantal. Kung kinakitaan ng ilan sa mga sintomas, agad natin itong ipagbigay alam sa pinakamalapit na center o ospital. TANDAAN, ANG KALUSUGAN AY KAYAMANAN.

...SJCC/mula sa pg.2



Disyembre 29, 1996, binasbasan ng Kanyang Kabunyian Jaime Cardinal Sin ang dambana ni San Joaquin.

Hindi lamang ang simbahang bato ang naitayo, tanda ng matibay ng pagsasamahan, pagtutulungan, pagkakaisa ng mga mamamayan, paggabay ng mga kaparian, mabilis na lumago ang pamayanan—ang Simbahan.

Hanggang sa kasalukuyan, aktibo ang sambayanan sa pagdalo sa pagdiriwang ng Banal na Misa sa tuwing araw ng Linggo sa ganap ng ika-7:30 ng umaga at ika-6:00 ng gabi.

May nabuo pang anim na munting kawan: St. Gabriel, St. Michael, St. Raphael, St. Benedict, St. Matthew at St. Bernard na katuwang sa pagpapalago at pagpapalalim ng buhay pananampalataya ng mamamayan.

Mga organisasyong EMHC, MBG, Couples for Christ, Legion of Mary, Choir, Lectors & Commentators Ministry, Ministry of Altar Servers, patunay na buhay ang simbahan.

Ang kapistahan nina San Joaquin at St. Ana ay tuwing ika-26 ng Hulyo. MABUHAY SAN JOAQUIN AT STA. ANA.